APPLICATION

- Paano mo nagagawang parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng iyong isip, salita, at gawa? Ano ang isa mong laging ginagawa na alam mong dapat mong baguhin simula sa araw na ito?

- Tinalikuran mo na ba ang kasamaan at ang mga makamundong pagnanasa (Tito 2:12)? Anong mga bagay ang kasalukuyan mo pang nilalabanan at kinakailangang tanggihan? Naniniwala ka ba na may kakayanang nagmumula sa Diyos na maaari mong magamit upang mamuhay para sa Kanya?

- Paano ka magiging mabuting impluwensya sa mga tao sa iyong paligid—sa iyong pamilya, paaralan, at lugar kung saan ka nagtatrabaho. Mag-isip ng isang paraan kung paano mo madadala kay Kristo ang mga taong ito ngayong linggo.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa natanggap mong buhay. Ipanalangin ang kalusugan ng iyong katawan at na ikaw ay maging isang mabuting katiwala ng katawan na ibinigay Niya sa iyo.

- Ipanalangin ang kakayanang mamuhay nang may pagtitimpi, nang matuwid, at nang maka-Diyos—sa iyong isipan, salita, at kilos. Hilingin sa Diyos na gamitin kang sisidlan para sa isang kagalang-galang na gamit sa Kanyang kaharian.

- Ipanalangin na ikaw ay maging isang mabuting patotoo ng biyaya na kaloob ng Diyos para sa mga tao sa iyong paligid. Ipanalangin na ang Diyos ay makatanggap ng papuri sa lahat ng iyong mga ginagawa.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



Parangalan ang Diyos sa Pamamagitan ng Iyong Katawan

NOTES

WARM-UP

- Sino ang paborito mong manlalaro o atleta? Ano ang nagustuhan mo sa kanya?

- Ano ang mga bagay na iyong ginagawa upang mapanatiling malusog ang iyong pangangatawan.

- Ibahagi ang tungkol sa isa sa iyong mga kakayanan o libangan. Paano ito nagiging bahagi ng iyong pang-araw araw na buhay?

WORD

[18]Kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. Ang ibang kasalanang ginagawa ng tao ay walang kinalaman sa kanyang katawan, ngunit ang gumagawa ng sekswal na imoralidad ay nagkakasala sa sarili niyang katawan. [19]Hindi ba't ang katawan ninyo'y templo ng Banal na Espiritung tinaggap ninyo mula sa Dios at nasa inyo? Kung ganoon, ang katawan ninyo'y hindi sa inyo kundi sa Diyos, [20]dahil tinubos kayo ng Diyos sa napakalaking halaga. Kaya gamitin ninyo ang inyong katawan sa paraang ikapupuri ng Diyos. **I CORINTO 6:18-20**

Bilang mga Kristyano, tayo ay naniniwala na ang ating mga katawan ay pag-aari ng Diyos; hindi natin pag-aari ang ating mga sarili. Hindi lamang pag-aari ng Diyos ang ating mga katawan—ang Kanyang Banal na Espiritu ay naninirahan dito. Ang pagpaparangal sa Diyos ay nangangahulugan ng pagmamahal sa ating mga katawan sa paraang banal at kagalang-galang. Ang ating mga katawan ay dapat na ginagamit upang paglingkuran at parangalan Siya. Sa araling ito, ating tatalakayin ang tatlong mga prinsipyo na makatutulong sa atin upang parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng ating katawan.

1 Bantayan ang mga bagay na maaaring makaapekto sa ating katawan.

[11]Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid, at maka-Diyos. **TITO 2:11-12**

Araw-araw, tayo ay nakatatagpo ng mga bagay na maaring makaapekto sa ating katawan sa pamamagitan ng ating mga pandama—mga bagay na ating nakikita, naririnig, at nararamdaman sa ating paligid. Dapat nating ingatan ang ating katawan laban sa mga bagay—kasama na ang mga kaalaman, produkto, libangan, at mga relasyon–na maaaring magdala sa atin sa kasamaan. Tayo ay dapat na laging tumatakbo palayo at hindi sumasang-ayon sa lahat ng makasasama sa ating katawan dahil sa sekswal na imoralidad, masasamang pag-iisip at gawain, o kung anumang makasasama sa ating kalusugan. Ano ang ilang halimbawa ng mga bagay na maka-aapekto sa atin na dapat nating bantayan? Ano ang mga bagay na dapat nating talikuran?

2 Bantayan ang mga bagay na nagmumula sa atin.

Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid, at maka-Diyos. **TITO 2:12**

Gamit ang ating mga katawan, dapat na tayo ay namumuhay para sa Diyos at sa paglilingkod sa Kanya. Ang ating mga labi, kamay, paa—ang ating buong katawan—ay dapat na lamang gamitin sa mga kagalang-galang na adhikain. Ito ay nangangahulugan na ang lahat ng patungkol sa atin ay dapat na nagbibigay parangal sa Diyos. Napararangalan natin ang Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay nang may pagtitimpi sa sarili, nang matuwid, at nang may dangal. Paano natin mapararangalan ang Diyos sa pamamagitan ng ating isipan, salita, at gawa? Batay sa 2 Timoteo 2:20-25 paano tayo magiging sisidlan para sa kagalang-galang na bagay?

3 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayanang mamuhay para sa Kanya.

[11]Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid, at maka-Diyos [13]habang hinihintay natin ang napakagandang pag-asa, na walang iba kundi ang maluwalhating pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo. [14]Ibinigay niya ang kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo sa lahat ng kasamaan at linisin para maging kanya, na handang gumawa ng mabuti. **TITO 2:11-14**

Sa krus, binayaran ni Jesus ang dapat bayaran upang matubos ang ating katawan. Ang pagsakripisyo ni Jesus ng Kanyang sariling katawan ang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan. Ngayon, ang Kanyang biyaya ang naghahanda sa atin at nagbibigay sa atin ng kakayanang mamuhay para sa Kanya. Kung wala si Kristo, hindi natin magagawang labanan ang kasalanan. Subalit dahil sa Kanya, maaari tayong tumanggi sa kasamaan at mamuhay para sa Diyos. Paano mo naranasan ang mamuhay at sumunod sa Kanya?